**Pamagat**: "Christian Hospitality"

**Texto**: 3 John 5 "Beloved, thou doest faithfully whatsoever thou doest to the brethren, and to strangers;"

> *Pagsasalin*: Minamahal, ginagawa mong may katapatan ang anumang iyong ginagawa sa mga kapatid at sa mga dayuhan (o taga-ibang bayan).

**Panimula**:

1. Isa pang beses binanggit ni Juan na si Gaius ay "Beloved" (Minamahal) (cf. vv.1,2).
2. Ngayon ang paglalakad niya sa katotohanan ay hindi lamang sa "theory" kundi ito ay nakikita sa "practice."
3. Nabalitaan ni Juan ang patungkol sa hospitality ni Gaius sa mga missionaries, galing mismo sa bibig ng mga kapatiran na missionaries.
4. Dahil dito, si Gaius ay tinawag na isa sa mga "fellowhelpers" to the truth. (v.8). [kasama sa paggawa ng katotohanan; kamanggagawa sa katotohanan; kasama sa paggawa ng….]

.

## I. Christian Hospitality

A. Hindi lamang na binuksan ni Juan ang kanyang puso, pero pati na rin ang kanyang bahay.

B. "strangers" – sila ay kapatiran na galing sa ibang dako, at hindi kilala ni Gaius – maliban sa recommendasyon ng iglesia.

C. Sinundan ni Gaius ang mga Banal na Kasulatan patungkol sa pag-aalaga ng mga alagad ni Christo. (Gen. 18:1-8; 19:1-3; 2 Sam. 12:4; Job 31:32; Matt. 25:31-46; Lk. 11:5-8; Acts 10:6; 16:15; Rom. 12:13; Heb. 13:2)

D. Karaniwan sa mga missionaries ang pagpapaaruga sa kagandahang-loob ng mga Christiano. (Halimbawa si Paul, Philemon 22). – temporary lamang ang kanilang pagpapanatili.

E. Hinikayat ni Juan na magpatuloy si Gaius sa pakikitulong sa mga kapatiran na missionaries.

## II. Mga Praktikal na Konsiderasyon

A. Hospitality (kagandahang-loob) ay importante sa mata ng Panginoon at napapansin ng mga kapatiran.

B. Giving (pagbibigay ng tithes at offerings) ay importante sa mata ng Panginoon, at naapektohan ang mga kapatiran at mga tao. (2 Cor. 9:7; Gal. 6:10).

C. Faithfulness (katapatan) ay importante sa mata ng Panginoon at sa iglesia. (v.5)

**Katapusan**:

1. Malaking blessing at pribelehiyo na makapagkatiwalaan ni Juan si Gaius. Alam niya na iingatan ni Gaius ang mga kapatiran na missionaries.
2. Sa 2 John (v. 10-11) may warning ang mga Christiano na huwag magpakita ng magandan loob sa mga nagdadala ng mga maling doktrina, pero dito hinihikayat ang hospitality sa mga nagdadala ng tunay na doktrina. Ang mga "false brethren" ay hindi dahilan kung bakit hindi tayo magpapakita ng kagandahaang-loob sa mga "true brethren."
3. Sa pagiging tapat sa pagpapakita ng kabutihang-loob sa kapatiran, tayo ay nagiging mga "fellowhelpers to the truth" – kamanggagawa sa katotohanan.